

Impormasyon sa Iksemsyon sa Buwis sa Ari-arian sa Taon ng Buwis 2020

Ang mga sumusunod na iksemsyon ay awtomatikong maire-renew para sa mga may-ari ng tirahang nakatanggap ng mga ito noong nakaraang taon (taon ng buwis 2019) at nanatiling karapat-dapat ngayong taon (taon ng buwis 2020).



Iksemsyon sa May-ari ng Tirahan
(awtomatikong pag-renew taun-taon)



Iksemsyon sa Matatanda
(awtomatikong pag-renew taun-taon)



Iksemsyong Senior Freeze
(awtomatikong pag-renew sa taong 2020)



Iksemsyon sa mga Taong may Kapansanan
(awtomatikong pag-renew sa taong 2020)



Iksemsyon sa mga Beteranong may mga Kapansanan
(awtomatikong pag-renew sa taong 2020)

Mangyaring tandaan:

Ang mga Pangmatagalan at Bumabalik na Iksemsyon sa mga Beterano ay hindi awtomatikong maire-renew ngayong taon.



Fritz Kaegi
ASSESSOR NG
COOK COUNTY

cookcountyassessor.com

Mahal na May-ari ng Tirahan,

Ang brochure na ito ay naglalaman ng mahalagang impormasyon tungkol sa kung paano ka makakapag-apply para sa mga nakaraang iksemsyon sa buwis na maaaring nararapat mong matanggap. Ito ay tinatawag na prosesong Certificate of Error.



Simula sa umpisa ng aking panunungkulan bilang Assessor, nanatili akong nakatuon sa paglikha ng tanggapan at proseso ng pagtatasa na patas, etikal, at malinaw. Dinagdagan ng aming tanggapan ang mga pagsusumikap sa pakikipag-ugnayan upang matiyak na alam ng mga may-ari ng tirahan na makukuha nila ang mga mahalaga at nakakatipid na iksemsyon.

Bukod dito, patuloy naming ia-update ang aming mga pagsusumikap sa teknolohiya at gagawing simple ang mga proseso. Sa nakaraang taon lamang, pinatakbo ng aming tanggapan ang bagong website at ang mga may-ari ng tirahan ay mayroon na ngayong kakayahang maghain ng mga iksemsyon, certificate of error at apela online.

Mangyaring tandaan na maaari kang makipag-ugnay sa pamamagitan ng telepono, email o social media para sa anumang mga katanungang mayroon ka.

Sumasaiyo,
Fritz Kaegi
Assessor ng Cook County

I-follow kami

- Cook County Assessor's Office
- @AssessorCook
- @CookCountyAssessor
- Office of Cook County Assessor
- Cook County Assessor

Pangunahing Tanggapan

118 N. Clark St., 3rd Floor, Chicago, IL 60602
312.443.7550

cookcountyassessor.com

Paano mag-apply para sa mga nawawalang mga iksemsyon sa buwis sa ari-arian

MGA CERTIFICATE OF ERROR PARA SA MGA IKSEMSYON



**ASSESSOR'S
OFFICE**

Ano ang Certificate Of Error?

Maraming may-ari ng tirahan ang hindi nakakaalam sa mga iksemsyon sa buwis sa ari-arian na maaaring mangahulugang mga pagtitipid at makakatulong sa pagpapababa ng mga bayaring buwis sa ari-arian. Ang proseso ng Certificate of Error ay nagbibigay sa mga may-ari ng tirahan ng oportunidad na bawiin ang mga nawawalang iksemsyon ng hanggang sa nakaraang tatlong taon. Maaari na ngayong maghain ang mga may-ari ng tirahan para sa mga taon ng buwis 2019, 2018, at 2017.

Halimbawang Sitwasyon: Natutunan kamakailan ng isang may-ari ng tirahan na 68 taong gulang na siya ay naging kuwalipikado para sa Iksemsyon para sa Matatanda simula nang siya ay mag-65 taong gulang. Ang may-ari ng tirahang ito ay maaaring mag-apply para sa mga Certificate of Error para makatanggap ng mga refund para sa mga naunang kuwalipikadong taon.

Pag-aaral sa Pangalawang Hulog na Bayaring Buwis sa Ari-arian:

Ang mga iksemsyon sa buwis sa ari-arian ay naaangkop at nakalista sa pangalawang hulog na mga bayaring buwis sa ari-arian na ipapadala sa panahon ng tag-init ng Tanggapan ng Treasurer ng Cook County. Kung may nawawalang iksemsyon sa may-ari ng tirahan, maaari siyang mag-apply para sa Certificate of Error. Pinangangasiwaan ng tanggapan ng Assessor ang proseso ng Certificate of Error at, sa pag-apruba nito, maglalabas ng mga refund na tseke ang Tanggapan ng Treasurer. Mahalagang tandaan na responsable pa rin ang may-ari ng tirahan sa pagbabayad ng buong bayaring buwis sa ari-arian bago sumapit ang takdang araw ng pagbabayad, kahit na ipinoproseso ang aplikasyon para sa Certificate of Error. Ang pag-apply para sa Certificate of Error ay hindi naggagarantiya ng pag-apruba.

Paano Titingnan ang mga Iksemsyong Natanggap sa mga Nagdaang Taon

Maaaring tingnan ng may-ari ng tirahan ang Portal sa Buwis sa Ari-arian ng Cook County para i-access ang mga nakaraang bayaring buwis sa ari-arian at pag-aralan ang mga iksemsyong natanggap sa mga nagdaang taon. Ang ilang iksemsyon ay awtomatikong mairer-new kada taon, gaya ng mga Iksemsyon sa May-ari ng Tirahan at Matatanda.

Ang iba, gaya ng mga Iksemsyong Senior Freeze, at sa mga Tao at Beteranong may mga Kapansanan ay dapat ihain taun-taon. Ang pagtingin sa mga iksemsyong natanggap sa mga nagdaang taon ay makakatulong sa may-ari ng tirahang malaman kung dapat silang maghain para sa Certificate of Error.

www.cookcountypropertyinfo.com



Paano Mag-apply

Para mag-apply, maaaring bumisita ang may-ari ng tirahan sa www.cookcountyassessor.com at magsumite ng online na aplikasyon. Sa pamamagitan ng pag-apply online, masusubaybayan ng mga may-ari ng tirahan ang status ng kanilang mga aplikasyon at ang Tanggapan ng Assessor ay maaaring magbigay ng mga update sa status. Mahalagang mapag-aralan ng mga may-ari ng tirahan ang mga pamantayan kabilang ang hinihinging sumusuportang dokumentasyon.

Isang karaniwang pagkakamali ang hindi pagsusumite ng mga may-ari ng tirahan ng dokumentasyong sumasalamin sa taon ng buwis kung kailan sila nag-a-apply. Halimbawa, kung ang may-ari ng tirahan ay nag-a-apply para sa Certificate of Error sa taong 2019 para sa Iksemsyon sa mga Beteranong may mga Kapansanan, ang hinihinging dokumentasyon ay kailangang sumalamin sa taon ng buwis 2019.

Isinumite na ang aplikasyon. Ano ang gagawin pagkatapos?

Sa mga panahong abala, aabutin ng 3-4 na linggo para maiproseso ng mga tauhan ng Tanggapan ng Assessor ang aplikasyon. Pagkatapos, tatanggap ang may-ari ng tirahan ng abiso ng pag-apruba o pagtanggap. Kung tinanggihan ang aplikasyon dahil sa nawawalang dokumentasyon, ang may-ari ng tirahan ay maaaring muling mag-apply kasama ang mga kumpletong dokumento. Kung naaprubahan ang aplikasyon, matatanggap ng may-ari ng tirahan ang ipapadalang refund na tseke mula sa Tanggapan ng Treasurer sa loob ng 3-4 na buwan.

TAX CALCULATOR	
2018 Assessed Value	15,900
2019 Property Value	159,000
2019 Assessment Level	X 10%
2019 Assessed Value	15,900
2019 State Equalizer	X 2.9150
2019 Equalized Assessed Value (EAV)	46,364
2019 Local Tax Rate	X 13.434%
2019 Total Tax Before Exemptions	6,228.54
2019 Total Tax Before Exemptions	6,228.54
2019 Total Tax After Exemptions	4,885.14
2019 Total Tax (Payable in 2020)	4,885.14

EXEMPTIONS
2020: Not Available
2019: 1 Exemptions Received
2018: 1 Exemptions Received
2017: 1 Exemptions Received
2016: 1 Exemptions Received
More Exemption Information

